THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

TALIBA

#552 OCT 20-31, 2025 ISSUE FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# Maynila kumabig ng 552M pesos buwis sa unang 100 araw ni Isko

**MANILA -** Ipinagmalaki ni Mayor Isko Moreno Domagoso na umabot sa ₱552 milyon ang nakolekta ng pamahalaang lungsod ng Maynila mula sa buwis, lisensya at mga permit sa unang 100 araw ng kanyang panunungkulan.

Ayon sa alkalde, bunga ito ng mas mabilis na pagproseso ng business permit sa pamamagitan ng muling pagbubukas ng Electronic Business One-Stop Shop (E-BOSS) at ng pinaigting na pamamahala sa pananalapi.

Tumaas din aniya ng mahigit 300 % ang kita mula sa mga bagong aplikasyon ng business permit habang umabot sa ₱141.6 milyon ang nalikom sa tax amnesty program.

Sa parehong ulat, iniulat ni Domagoso ang paglikha ng 12,752 trabaho at ₱7.1 bilyong pamumuhunan, gayundin ang pagbabayad ng ₱3.1 bil yon sa mga naiwang obligasyon ng lungsod. *RCI*




(Photo by Christian Turingan/MPIO)



TalibaFlipzMedia

## Photography Services

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo



**Photo Specifications**

- High resolution Jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

For inquiry, call Tel. 416-989-7336 / 647-287-1870 ★ Email: advertise@flipzmedia.com

# GET OUT OF DEBT
# WITHOUT BANKRUPTCY

Deal directly with the Licensed Debt Professionals™ at David Sklar & Associates

We are licensed by the Canadian government to file and administer programs that can relieve your serious debt problem and give you a 'fresh start'

- Get Out of Debt
- Stop Collection Calls
- Stop Interest Charges
- One Low Monthly Payment
- Without Bankruptcy
- Without Loans



Cori Naron,
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

## For Your Free Consultation
## Call (416) 498-9200 ext. 236

DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ▪ TORONTO ▪ PICKERING / AJAX ▪ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ▪ BRAMPTON

# Mga Pinoy, kabilang sa top users ng ChatGPT sa mundo




**Philippine** — Kabilang ang mga Pilipino sa mga nangungunang gumagamit ng ChatGPT sa mundo, ayon sa ulat ng Digital 2026 na inilabas ng Meltwater at We Are Social.

Nangunguna rin ang mga Pinoy sa paggamit ng generative artificial intelligence chatbot.

Ayon sa report, 42.4 porsyento ng mga Pinoy na gumagamit ng internet ay gumamit ng ChatGPT sa nakaraang buwan. Nangunguna ang Kenya na may 49.5%, Brazil 49.1%, Israel 49%, Malaysia 48.4 %, at United Arab Emirates, 44.7%.

Ang paggamit ng ChatGPT sa Pilipinas ay mas mataas kaysa sa pandaigdigang average na 26.5%.

Ang datos ay batay sa malawak na survey ng mga gumagamit ng internet na may edad 16 pataas na isinagawa sa second quarter ng 2025.

Inilunsad noong huling bahagi ng 2022, ang ChatGPT ay naging pinakamabilis na lumalagong consumer software application. Ginagamit nito ang malaking modelo ng wika upang makalikha ng texts at imahe.

Ayon sa ulat, ang unique visitor sa website ng ChatGPT ay tumaas mula 192 milyon noong Agosto 2023 hanggang 489 milyon noong Agosto 2025.

Kabilang sa mga pinakakaraniwang gamit ng ChatGPT ay ang paghahanap ng partikular na impormasyon, pag-edit o pagrepaso ng teksto, pagtuturo, paghingi ng payo, pagtulong sa personal na pagsulat o komunikasyon, at health, fitness, kagandahan, o self-care.

Ginagamit din ang ChatGPT sa pagsasalin, paglikha ng mga larawan, programming sa computer, malikhaing pag-iisip, pagbuo ng argumento o buod, at pagkalkula ng matematika.

Ito ay nananatiling pinakapopular sa mga iba't ibang tool ng AI, na kasama rin ang Google Gemini, DeepSeek, Perplexity, Grok, Microsoft Copilot, at Claude.


Sa kabila ng mataas na paggamit ng ChatGPT sa Pilipinas, mas mababa naman ang "excitement" tungkol sa AI sa bansa kumpara sa global average.

Tanging 47.2 porsyento ng mga Pinoy na gumagamit ng internet ang nagsabi na sila ay excited tungkol sa AI, mas mababa sa pandaigdigang average na 48.7 porsiyento.

- *Pilipino Star Ngayon*

APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




EXTRA PERSONNEL
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# Bumilis ang paglago ng ekonomiya ng Pilipinas sa 5.5% sa ikalawang kwarter ng 2025

Nang pasimula ng Agosto 7, iniulat ni Philippine Statistics Authority (PSA) USec. at National Statistician Dennis Mapa na ang gross domestic product (GDP) o ang halaga ng goods at mga serbisyong na-produce sa isang period ay bahagyang lumago ng 5.5% noong Abril hanggang Hunyo ng kasalukuyang taon.

Mas mataas ito kumpara sa 5.4% na paglago sa ekonomiya na naitala mula Enero hanggang Marso 2025.

Ang GDP naman noong ikalawang kwarter ay ang pinakamabilis na paglagong naitala sa nakalipas na apat na kwarter, bagamat mas mabagal ito kung ikukumpara sa 6.5% na naitala sa ikalawang kwarter ng 2024.

Ipinaliwanag ng PSA chief na ang pangunahing mga sektor na nakapag-ambag sa paglago ng ekonomiya noong second quarter ay ang agrikultura, forestry at pangisdaan na nakapagtala ng 7.0% growth rate gayundin ang industriya na nakapagtala ng 2.1% at ang mga serbisyo na may 6.9%.

Samantala, ibinida ni Department of Economy, Planning and Development (DEPDev) Secretary Arsenio Balisacan na nananatiling matatag ang ekonomiya ng bansa sa kabila ng nagpapatuloy na pandaigdigang mga hamon at paggalaw ng presyuhan sa mga produktong langis at iba pang uncertainty.




Saad din ng kalihim na ang takbo ng ekonomiya noong ikalawang kwarter ay nagpanatili sa Pilipinas bilang isa sa pinakamabilis na growing economies sa Asya kasunod ng Vietnam (8.0%) subalit naungusan ang China na nakapagtala ng 5.2% at Indonesia na may 5.1% economic growth.

Ipinaliwanag din ng kalihim na pangunahing nakapag-ambag sa magandang takbo ng ekonomiya noong ikalawang kwarter ay ang pagsigla ng sektor ng agrikultura ng bansa sa 7% growth rate mula sa 2.2% noong unang kwarter ng 2025. Ito ay bunsod ng paglago ng mga naaning palay.

- ABANTE NEWS



# Pinoy short film na Agapito nasungkit ang Honorable Mention sa TIFF 50




***Ang 'Agapito' binigyang parangal sa TIFF bilang Best International Short Film Honorable Mention***.

Ang short film na Agapito na idinirehe ng mga Pilipinong filmmaker na sina Arvin Belarmino at Kyla Danelle Romero ay binigyang parangal sa ika-50 na edisyon ng Toronto International Film Festival (TIFF) ngayong taon.

Nasungkit ng Agapito ang Honorable Mention sa Best International Short Film category ng festival. Itinampok ang naturang pelikula sa Short Cuts Programme ng TIFF ngayong taon.

"For its formal precision, command of a delicate tone, poetic awareness of space and movement, and deeply personal reflections on family, the jury is thrilled to present an Honourable Mention to Arvin Belarmino and Kyla Danelle Romero's remarkable Agapito," ayon sa pahayag ng Short Cuts jury.

Ang 2025 jurors para sa Short Cuts Awards ay sina Ashley Iris Gill, isang Canadian cinematographer; Marcel Jean, ang Artistic Director ng Annecy International Animation Film Festival at Executive Director ng Cinémathèque québécoise; at Connor Jessup, isang Canadian na aktor, direktor at writer.

Ang hurado kinilala rin ang natatanging pagtatanghal ng cast ng pelikula, "The jury also wants to acknowledge the brilliantly nuanced and committed performances of the film's young cast."

### Pagbati mula sa Siné Institute

Binati rin ni Michaelangelo Masangkay, presidente ng Siné Institute, ang team sa likod ng Agapito dahil minarkahan nito ang isang importanteng milestone sa larangan ng pelikulang Pilipino.

This recognition marks an important milestone, highlighting how collaboration between Filipinos and Filipino-Canadians — and the sharing of knowledge — has played a vital role in bringing AGAPITO to life. It's a beautiful example of how our shared cultural narratives can resonate on a global stage, ayon sa pahayag ni Masangkay sa isang release.

Ang Siné Institute ay isang Filipino-Canadian non-profit na isinusulong ang umuusbong na artists at creative leaders sa Canada.

Maliban sa Agapito, ipinalabas din ang iba pang mga pelikula na idinirehe, isinulat o prinodyus ng mga batikang filmmaker mula sa Pilipinas tulad ng Magellan ni Lav Diaz na pinag-usapan din sa festival.

Ang TIFF ay inilunsad noong 1976, misyon ng naturang film festival ang paghahatid ng pinakamahusay na mga pelikula mula sa Canada at buong mundo para lumikha ng mga karanasan na transformational para sa mga mahilig manood ng pelikula at mga creator mula sa lahat ng edad at background.

Ito ay naganap mula Setyembre 4 hanggang 14 kung saan ipinalabas ang 291 na pelikula.***RCI***

# DATOL ORDER



*Ulat ni Mon Datol*

## Testigo ni Marcoleta kontra Romualdez, Yap at Co peke affidavit, pinaiimbestigahan ni Ping Lacson; Me 'freeze order' na AMLC sa lahat ng assets ng mga akusado; Bato lalabas na warrant mula ICC matapos masama sa kaso ni DU30; 'Gangsters in Black' sa riot sa Manila kilala na ni Yorme Isko

Itinanggi ng abogadong si Atty. Petchie Rose G. Espera na tumulong siya sa preparasyon at siya ang lumagda sa pasabog na affidavit ni Orly Regala Guteza, dating miyembro ng Philippine Marine at bodyguard ni Ako Bicol party-list Rep. Zaldy Co, na iniharap ni Sen. Dante Marcoleta sa Blue Ribbon Committee sa isyu ng flood control scam nitong Huwebes, Setyembre 25.

### Ka Dante, hinay-hinay lang, sunod-sunod na salpak mo, ah.

**********

Ayon kay Espera, isang notorisadong Notary Public, peke at hindi awtorisado ang pangalan at lagda niya na ginamit sa affidavit na isinumite ni Guteza sa BRC, na kung saan sinabi niya na kasama siyang nagde-deliber ng male-maletang pera kina Cong. Co at Speaker Martin Romualdez. 'Basura' ang tawag ni Guteza sa pera sa maletang dini-deliber nila.

### Nakngdragon Boss RollyCab! Bilyong pera sa basura nakana ng mga buwaya sa Senado at Kamara!?!?!

**********

Kabilang pa sa mga pasabog ni Guteza sa nasabing affidavit ang pagpapadala umano ni ACT-CIS party-list Rep. Eric Yap ng 46 na maleta na puno ng pera sa bahay ni Co sa Valle Verde. Kasama yan sa skrip ng turuan at bendeta ni Marcoleta sa mga kalaban dahil ang ACT-CIS Party-list na kung saan kasapi si Cong Yap ay 'paga-ari' ng mag-kakapatid na T3 na ka-tropa nina Tito Sen at Ping, so...

### Bibirahin din ni Marcoleta mga Tulfo sa Kamara at Senado!

**********

Kapag napatunayan naman ng Blue Ribbon Committee peke at hindi otorisado ang affidavit na isinumite ni Guteza sa Senate hearing ay paniguradong kulong ang aabutin nito dahil sumumpa siyang magsasabi ng tutoo, pero, hayun nga, pekintos affidavit niya kaya't grabe aabutin ng witness ni Ka Dante at...

### Perjury ikakaso sa kaniya, pa-sumpa-sumpa ka pa kasi Marcoleta, err, Guteza pala.

**********

Hindi kasi maka-move on si Marcoleta sa pagsibak sa kaniya ni Senate President Tito Sen bilang Chair ng powerful Senate Blue Ribbon Committee kayat hindi tumitigil si Ka Dante sa pagbira ke Sen. Ping at 'pangugulo' sa hearing ng Kumite hinggil sa flood control scam kaya't kahit ano ititira na kahit....

### Peke ihantad na witness na peke ang salaysay na peke rin ang notarya.

**********

Inirekomenda na ng NBI na sampahan ng kasong indirect bribery at malversation of public funds sina Senador Chiz Escudero, Senador Jinggoy Estrada, Sen. Joel Villanueva, dating senador at ngayo'y Makati Mayor Nancy Binay, dating House Speaker Martin Romualdez, Ako Bicol Partylist Zaldy Co, dating Caloocan 2nd District Rep. Mary Mitzi "Mich" Cajayon-Uy, dating Public Works and Highways Undersecretary Roberto Bernardo at si dating DPWH Bulacan DE Henry Alcantara.

### Walang sasantuhin, walang sisinuhin, ani SOJ Boying. Pramis.

**********

*Case build-up* pa lang, wala pang kaso, wala pang hulihan, tagal pa ng proseso, ani SOJ Remulla. Pero maraming matatanggal sa pwesto, makakalaboso at mawawalan ng trabaho at negosyo panigurado. Kaya naman this early halos lahat ng involved sa flood control scam ay...

### Kanya-kanya ng apply-an sa Witness Protection Program!

********

Pormal nang nagsampa ang ICC ng tatlong bilang ng kasong murder laban kay dating Pangulong Rodrigo

Duterte dahil sa 78 indibiduwal na napatay sa anti-drug war nito mula 2013 hanggang 2018 kaya't kailangang humarap sa paglilitis ang Tatay ni Inday Sara kaugnay ng kanyang kasong crimes against humanity.

**Di na makakauwi si DDU30 sa Pinas.**

********

Nakasama ang pangalan ng isang "Dela Rosa" at "Aguirre" sa kasong crimes against humanity ni DDU30 at nakita ito sa redacted version ng Pre-Confirmation Brief ni Duterte na ipinost sa website ng ICC at kahit na walang nakalagay na first name ay pinapalagay na ito ay si Senador Bato dela Rosa, ang hepe ng PNP nang umpisahan ang madugong giyera kontra droga sa buong bansa nuong 2016. Malapit na talagang...

**Sina Bato at Vitaliano ililipad pa-The Hague ni Gen. Torre, err, ni Gen. Nartatez na pala.**

********

Nanawagan si Palace Press Officer Claire Castro sa DOJ, DILG at PNP na imbestigahan ang naturang panghihikayat ni Singson sa mga estudyante, kabilang ang mga menor de edad, na tumindig para sa isang "rebolusyon laban sa korapsiyon."

**Chavit sobrang sama-loob dahil inisnab ni PBBM srequest nya.**

********

Pero si DILG Sec. Jonvic Remulla ay nagsabing hindi maituturing na ***inciting to sedition*** ang paghikayat ni dating Ilocos Sur Governor Chavit Singson sa mga kabataan na lumahok sa rally laban sa korapsiyon at hindi naman ibagsak ang gobiyerno ni PBBM ang hamon ni Singson.

**Ibagsak ang korupsyon hindi si Macoy ang sabi raw ni Manong..**

********

Nasa 216 raliyista na nambato at nanunog ng trailer truck at nan-ransack sa isang hotel at nanira ng ilang negosyo sa Recto ang inaresto ng mga tauhan ng MPD habang nasa 93 pulis at isang mamamahayag ang naiulat na nasugatan matapos na sumiklab ang gulo kahapon sa panulukan ng Ayala Bridge at Romualdez St., Recto at Mendiola sa Maynila. Politiko, abogado, Fil-Sino ang mga masterminds ng marahas na gulo ng...

**'Gangsters in Black' na bayaran sabi Yorme Isko**

********

Gusto ng Malacañang na malaman kung sino ang utak sa naganap na matinding karahasan at panggugulo nuong September 21 protest rallies na minonitor ng todo ni...

**PBBM sobrang nagalit sa ginawa ng 'Gangsters in Black.'**

********

Hindi naniniwala si Castro na walang nagutos sa grupo na lumusob sa Palasyo, manunog at manggulo sa malaking kilos-protesta, dahil, bilang abogado, isang malaking kuwestiyon kung paano nagkita-kita ang grupo at lahat naka-maskara kaya malinaw na ang mga ito ay masasamang elemento at maaaring kasuhan ng sedition.

**Dating Pulitiko, Fil-Sino at Abogado raw masterminds sabi Isko.**

********

Sino raw ba 'yung sanay sa mga ganitong harassment? Sino raw ba ang gusto nilang iangat dito at sino raw ba ang gusto nilang pabagsakin? Sino raw ba ang mga milyonario o' bilyonario na handang ....

**Mamuhunan para ilagay sa Palasyo manok nila, ani Castro?**

********

Ipinahiwatig din ni Castro na ang gumagawa ng krimen ay ang mga gustong magpabagsak sa Pangulo at gustong umangat sa puwesto, at, ang mga ito, mga nakamaskara, kung matapang sila, ilabas nila ang mukha nila, ani pa Usec Castro. Di na kailangan ilantad mga mukha ng mga ito, Atty. Grace dahil....

**Kilala na naman ni PBBM kalaban kahit naka-maskara pa, eh.**

********

KUNG may dapat isailalim sa Witness Protection Program (WPP) kaugnay ng pagdinig ng Senado sa maanomalyang flood control projects, yan ay walang kundi si Engr. Brice Hernandez kesa sa mag-asawang contractor na sina Curlee at Sarah Discaya.

**Sen. Ping Lacson says so. Say mo naman Sen. Dante Marcoleta?**

********

"Kasi si Discaya kept on lying. Yung sa kanya talaga self-preservation eh. At namimili lang siya," esplika ni Ping. Bukod dito, nabanggit din ni Sen. Lacson na nakakuha ang mga construction company ng mga Discaya ng kabuuang

P207.25 billion halaga ng mga government projects mula 2016 hanggang 2025 at...

**Kung sino lang gustong isabit itu-turong kumi-kick-back sa kanila.**

********

Sabi pa ni Lacson, makikita ang kredibilidad ni Hernandez nang madiskubre nga sa budget books ang mga maanomalyang proyekto sa Bulacan na tinukoy nito sa House Infrastructure Committee hearing at umano'y may kaugnayan kina Sen. Jinggoy Estrada at Sen. Joel Villanueva, so....

**Mas me K sa WPP si Brice Hernandez, say mo Pre RollyCab?**

********

Nilinaw ni Senate blue ribbon committee chair Ping Lacson na hindi pa clear sina Sens. Jinggoy Estrada at Joel Villanueva sa mga isyu ng budget insertion kaugnay sa maanomalyang flood control projects.

***Mali si Ka Dante, di pa 'safe na safe ang Double J' ng Senado.***

# Maynila kumabig ng 552M pesos buwis sa unang 100 araw ni Isko

*Ipinagmalaki ni Mayor Isko Moreno Domagoso na umabot sa ₱552 milyon ang nakolekta ng pamahalaang lungsod ng Maynila mula sa buwis, lisensya at mga permit sa unang 100 araw ng kanyang panunungkulan.*

*Ayon sa alkalde, bunga ito ng mas mabilis na pagproseso ng business permit sa pamamagitan ng muling pagbubukas ng Electronic Business One-Stop Shop (E-BOSS) at ng pinaigting na pamamahala sa pananalapi.*




**Tumaas din aniya ng mahigit 300 % ang kita mula sa mga bagong aplikasyon ng business permit habang umabot sa ₱141.6 milyon ang nalikom sa tax amnesty program.**

**Sa parehong ulat, iniulat ni Domagoso ang paglikha ng 12,752 trabaho at ₱7.1 bilyong pamumuhunan, gayundin ang pagbabayad ng ₱3.1 bilyon sa mga naiwang obligasyon ng lungsod.** ***RCI***

# Mas mainam kung ang Canada Post ay maging Privatization...gaya noong nakaraan?

There's also the case study of Royal Mail, the five-century-old British postal service that was privatized in 2013.

Its financial success since then has varied, as has its ownership, having been taken over earlier this year by Czech billionaire Daniel Kretinsky. The company turned a profit of 12 million pounds, or nearly C$22.7 million in its 2024-25 fiscal year, following losses of roughly C$657 million in 2023-24 and C$791 million the year prior, according to financial reports.

But its privatization has afforded it freedom to reform operations and compete with other couriers, while still maintaining door-to-door delivery, said Michael Anderson, who previously spent 25 years with Royal Mail, including in roles managing parcel operations and dealing with distribution partners.

He said Royal Mail is still "performing a universal service obligation" under the regulation of the U.K.'s communications watchdog Ofcom.

Yet it's managed to build "a set of solutions that e-commerce firms want to buy," said Anderson, now a parcel and




mail industry consultant who specializes in helping carriers become more efficient through technology.

He said Royal Mail has significantly scaled up its capabilities to fast-track deliveries — within one business day for first-class mail or two-to-three days for second-class service. The company has also bolstered communication around tracking and estimated delivery times, while providing customers alternatives if they want to redirect deliveries somewhere other than home.

"If you're a retailer that's got a product to get to your consumers, you're looking at Royal Mail and thinking, 'OK, well that service will do that.' And so they're getting huge volumes," said Anderson. RCI

# May gamot pa ba ang mala-cancer na korapsiyon sa Pilipinas?

**OPINION ni Butch M. Quejada** - Pilipino Star Ngayon

**PILIPINAS** - KUNG tutuusin, hindi lang sakit ang korapsiyon sa bansa epidemya na ito. Para itong cancer na unti-unting kumakain sa laman ng bayan at kahit ilang chemo ng reporma o bagong administrasyon, parang ayaw pa ring gumaling. Ang masakit pa, ang mismong doktor minsan siya ring may sakit.

Kada eleksiyon, may mga kandidatong parang milagro kung mangako. "Walang korap, walang atras!" sabi nila. Pero pag-upo, biglang may pa-travel allowance, pa-confidential fund, o kung anu-anong project na parang ATM ng bayan. Hindi mo na alam kung governance ba 'yan o raket.

> ***"change is coming,"***
> ***ang totoo,***
> ***"change is scamming"***

Minsan naiisip mo baka tayo rin may ambag sa sakit na ito. Kasi pag may kilala sa munisipyo, okay lang manghingi ng pabor. Pag may kamag-anak sa ahensiya, ayos lang daw ang shortcut. Hanggang sa pati kabataan, nasasanay na sa palusot. Kaya habang ang ilan sumisigaw ng "change is coming," ang totoo, change is scamming.

Pero teka, hopeless case na ba tayo? Siguro hindi pa. Kasi kahit paano may mga matitino pa ring public servants na di bumebenta ng prinsipyo. May mga kabataang ayaw mag-compromise. At may mga mamamayang marunong nang magtanong, hindi lang basta nagpapadala sa pagpapapogi o padrama sa TikTok.

Kung cancer ang korapsiyon, ang unang gamot ay katotohanan at ang maintenance ay tapang — 'yung tapang magsabi ng mali kahit nakatatakot, tapang magturo ng tama kahit walang kapalit. Kasi kung lagi nating iisiping "wala namang mangyayari," e di wala nga talagang mangyayari.

Sa huli, baka hindi "magamot" nang tuluyan ang korapsiyon pero puwedeng mapigilan ang pagkalat kung lahat tayo, mula sa ordinaryong mamamayan hanggang sa mga nakaupo ay marunong nang mahiya, marunong manindigan, at higit sa lahat, marunong magmahal sa bayan hindi lang sa salita.

# COVID-19 vaccine campaigns inilunsad sa Canada para sa 2025-26



Sinimulang i-roll out ng mga probinsya at teritoryo ang updated na mga bakuna upang protektahan ang mga tao mula sa COVID-19.

Ayon sa immunization guide ng Public Health Agency of Canada ang mga COVID na bakuna ay nakitang epektibo sa pag-iwas sa malubhang karamdaman, kasama ang pagkakaospital at kamatayan at maaaring bawasan ang risk ng post-COVID-19 condition, o long COVID.

Ang vaccination campaign dumating habang ang mga kaso ng COVID-19 kung saan ang mga tao ay pumupunta sa emergency o urgent care para sa respiratory symptoms ay tumaas. Humigit-kumulang 10 porsyento ng tests ay positibo para sa linggo na natapos noong Setyembre 20, tumaas mula 9.6 porsyento noong linggo bago iyon, ayon sa federal respiratory virus snapshot.

**Ano ang mga bakuna na available?**

Ngayong taglagas, binigyan ng awtorisasyon ng Health Canada ang pinakabagong mRNA vaccines. Ang Moderna ay available para sa anim na buwang gulang pataas at ang Pfizer-BioNTech ay available para sa limang taong gulang pataas. Kinokonsidera ng infectious disease physicians ang parehong bakuna na pantay.

**Ano ang inirerekomenda ng vaccine advisers sa Canada?**

Lahat ng matanda 65 pataas ay inirerekomenda na magpabakuna laban sa COVID-19, nabakunahan man sila dati o hindi, ayon sa National Advisory Committee on Immunization dahil sa kanilang increased risk.

Inirerekomenda rin ang bakuna para sa anim na buwan ang edad pataas na:

- Mga residente ng long-term care homes at iba pang group settings.
- Namumuhay na may underlying medical conditions na inilalagay sila sa mas mataas na panganib na magkaroon ng malalang COVID-19.
- Buntis.
- Mga indibidwal na nasa o mula sa First Nations, Inuit at Métis communities.
- Mga health-care worker at ibang care providers sa mga pasilidad at community settings.
- Mga miyembro ng racialized at ibang equity-denied communities.

Lahat ng tao anim na buwan ang edad pataas ay maaaring magpabakuna ng updated COVID shot kung nais nila, kahit ang mga taong ito ay hindi naman high risk, ayon sa national advisory group.

**Kailan dapat magpabakuna?**

Ang Ontario sinimulan nang gawing available ang COVID na bakuna sa mga prayoridad na grupo tulad ng mga residente ng long-term care homes at ang ibang probinsya at teritoryo ito rin ang gagawin sa mga darating na linggo.

**Ano ang mag-iiba ngayong taon?**

Ang pinakahuling bakuna kasama ang LP.8.1, isang offshoot ng shape-shifting Omicron variant.

Ang updated vaccine works against the current strains that are circulating, ani Dr. Donald Vinh, isang infectious diseases specialist sa McGill University Health Centre.

If you receive this updated LP8.1 dose, you actually will get [a] nice fourfold increase in the antibody levels compared to if you didn't get this vaccine.

Tinawag ni Vinh ang latest formulation ng mga bakuna bilang important buffer laban sa potensyal na pagkakaospital at kahit kamatayan habang ang mga bagong strain ay umiikot at ang immunity mula sa dating impeksyon at mga bakuna ay humihina.

**Magkano naman ito?**

Para sa karamihan ng Canadians, ang COVID na bakuna ay libre.

***May dalawang exceptions. Ang Alberta (bagong window) maniningil ng $100, at ang Quebec (bagong window) $150 hanggang $180, para sa mga tao sa labas ng tinatawag ng mga probinsya na high-risk groups.***

**- RCI**



# Bagong misyon ni Remulla: Tugisin ang mga may sala

*Ulat ni Therese Arceo -Bandera*



***Jesus Crispin "Boying" Remulla***

**PILIPINAS** - Mahigit isang dekadang kilala si Jesus Crispin "Boying" Remulla—una bilang governor ng Cavite, sumunod bilang congressman, at kalaunan bilang Justice Secretary. Sa bawat tungkulin, nakikita siyang isang lider na alam na ang serbisyo publiko ay tungkol sa pananagutan, hindi kaginhawahan.

Noong Pebrero 2023, bilang Justice Secretary, inilabas niya ang Department Circular No. 20—isang kautusang tahimik pero matindi ang naging epekto sa sistema ng hustisya. Itinaas niya ang pamantayan sa pagsasampa ng kaso mula sa karaniwang "probable cause" patungo sa mas mahigpit na "reasonable certainty of conviction."

Ibig sabihin, maghahain lang ng kaso ang mga piskal kung may matibay na prima facie evidence—upang maprotektahan ang mga inosente laban sa walang basehang reklamo at matiyak na ang mga kaso ay may sapat na lakas para magresulta sa hatol.

Para sa akin, iyon ang sandaling napatunayan kong seryoso siya sa pagbibigay ng hustisya na may dangal. Hindi iyon naging popular na desisyon—pero iyon ang tama.

Ngayon, bilang bagong Ombudsman, kumpletong nag-ikot ang kanyang paglalakbay—mula sa pag-uusig ng kriminal tungo sa pagsingil ng pananagutan ng mga opisyal ng gobyerno.

Naniniwala ako na ang pananagutan ay dapat magsimula sa itaas. Dala ni Remulla sa Ombudsman ang karanasan ng isang nakapamahala, nakabuo ng batas, at nagpapatupad ng katarungan.

Sa panahong manipis ang tiwala ng taumbayan sa mga institusyon, ang kanyang pagkakatalaga ay paalala na may mga lider pang pinaiiral ang integridad, tapang, at reporma.

Inaasahan ng bayan na ipagpapatuloy ni Ombudsman Remulla ang kanyang sinimulan: isang hustisya na prinsipyo ang batayan, walang kinatatakutan, at walang kompromiso. Wala nang matataguan ang mga may sala. ***BANDERA***

# Sen. Imee 'wag umaktong spox ng mga Duterte – Castro

**MANILA, Philippines** — Binuweltahan ni Palace Press Officer undersecretary Atty. Claire Castro si Sen. Imee Marcos dahil sa pagpuna sa pagkakatalaga kay outgoing Justice Secretary Jesus Crispin Remulla bilang bagong Ombudsman.

Sinabi ni Castro, na ang kapatid ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ay hindi dapat magsilbing spokesperson ng mga Duterte.

Sinabi ito ni Castro matapos na sabihin ng Senadora na ang pagtatalaga kay Remulla ay para sa plano na ipakulong si Vice President Sara Duterte at kanyang mga kaalyado para sa 2028 presidential election.




***Sen. Imee Marcos***

"***Bakit po ba natatakot si Senator Imee Marcos sa ganitong mga klase ng mga pag-iisip? Kung wala naman pong naging kasalanan ang mga Duterte, hindi po siya dapat maging spokesperson ng mga Duterte***," sabi ni Castro.

Itinalaga kamakailan ni Pangulong Marcos si Remulla bilang bagong Ombudsman matapos na ilabas ng Judicial and Bar Council (JBC) ang shortlist.

Ipinagtanggol naman ng Malakanyang ang desisyon ng Pangulo para italaga si Remulla sa Ombudsman at iginiit na dumaan ito sa masusing selection process.

***Pilipino Star Ngayon***






# Magtiwala sa Kakayahan ni Jehova na Magligtas

**Bilang 13:25–14:4**
*25* Pagkalipas ng 40
araw,a bumalik sila mula
sa pag-eespiya sa lupain.
*26* Bumalik sila kina Moi-
ses at Aaron at sa buong
bayan ng Israel na nasa
ilang ng Paran, sa Kades.b
Nag-ulat sila sa buong
bayan at ipinakita nila ang
mga bunga ng lupain.
*27* Ito ang iniulat nila kay
Moises: "Pumasok kami sa
lupain kung saan mo kami
isinugo, at talaga ngang
inaagusan iyon ng gatas at
pulot-pukyutan, at ito ang
mga bunga mula roon.
*28* Pero malalakas ang mga
taong nakatira sa lupain,
at napakalaki ng mga na-
papaderang* lunsod. Na-
kita rin namin doon ang
mga Anakim. *29* Ang mga
Amalekitaf ay naninirahan
sa lupain ng Negeb;g ang
mga Hiteo, Jebusita,h at
Amoritai ay naninirahan
sa mabundok na rehiyon;
at ang mga Canaanitaj ay
naninirahan malapit sa
dagatk at sa Jordan."
*30* Pagkatapos, sinikap ni
Caleb na pakalmahin ang

bayan habang nakatayo sila sa harap ni Moises. Sinabi niya: "Lumusob na tayo agad, at tiyak na mapapasaatin iyon, dahil siguradong masasakop natin iyon."

**31** Pero sinabi ng mga lalaking kasama niya: "Hindi natin sila kayang labanan dahil mas malalakas sila kaysa sa atin."

**32** At puro di-magagandang ulat ang sinasabi nilan sa mga Israelita tungkol sa lupain kung saan sila nag-espiya. Sinasabi nila: "Ang lupain kung saan kami nag-espiya ay lumalamon ng mga nakatira doon, at napakalaki ng lahat ng taong nakita namin doon.

**33** At nakita namin doon ang mga Nefilim, ang mga anak ni Anak,p na mula sa* mga Nefilim; para lang kaming mga tipaklong kumpara sa kanila, at ganoon din ang tingin nila sa amin."

**14** Kaya humiyaw ang buong bayan, at patuloy silang dumaing at umiyak nang buong gabing iyon.

**2** Lahat ng Israelita ay nasimulang magbulong-bulungan laban kina Moises at Aaron,r at nagsalita laban sa kanila ang buong bayan: "Namatay na lang sana tayo sa Ehipto, namatay na lang sana tayo sa ilang na ito!

**3** Bakit pa tayo dadalhin ni Jehova sa lupaing iyon para mamatay sa espada?s Magiging samsam ang ating mga asawang babae at anak.t Hindi ba mas mabuti kung bumalik tayo sa Ehipto?"

**4** Sinabi pa nila sa isa't isa: "Mag-atas tayo ng mangunguna sa atin, at bumalik tayo sa Ehipto!"



## MATUTO KAY JESUS

# Hindi Solusyon ang Karahasan

***Parami nang parami ang naniniwala na karahasan ang solusyon sa mga alitan o problema. Pero kabaligtaran iyan ng mga turo at halimbawa ni Jesu-Kristo. Tingnan ang ilan sa mga sinabi at ginawa niya.***

## Ang sinabi ni Jesus

Sa kilalang Sermon sa Bundok, itinuro ni Jesus na hindi solusyon sa di-pagkakaunawaan ang galit at karahasan. Tingnan ang ilang halimbawa.

- "**Lahat ng gusto ninyong gawin ng mga tao sa inyo, iyon din ang gawin ninyo sa kanila**." (Mateo 7:12; Lucas 6:31) Ang payong ito ay madalas na tawaging Gintong Tuntunin. a Itinuturo nito sa atin na dapat nating pakitunguhan ang iba kung paanong gusto nating pakitunguhan tayo ng iba. Dahil walang may gusto na pakitunguhan sila nang may karahasan, dapat nating pakitunguhan ang lahat nang may respeto at kabaitan, kahit pa hindi natin sila kasundo.
- "**Sinumang sumampal sa kanang pisngi mo, iharap mo rin ang kabila.**" (Mateo 5:38, 39; Lucas 6:29) Hindi itinuturo ni Jesus na kusa tayong magpapaapi sa iba. Itinatama niya lang ang maling ideya na posibleng itinuturo ng ilang relihiyosong lider—ang ideya na walang mali sa pagganti. Sinabi niya sa mga tagasunod niya na imbes na gumanti, dapat maging kalmado kapag ginawan ng mali.
- **"Patuloy na mahalin ang inyong mga kaaway**." (Mateo 5:43, 44; Lucas 6:27) Itinuro sa atin ni Jesus na dapat tayong maging mabait sa mga nagagalit o gumagawa ng mali sa atin. Hindi nito ibig sabihin na dapat nating kunsintihin ang mga maling paggawi nila. c Kapag mabait tayo sa mga nagagalit sa atin, napapakalma natin sila at baka maging mabait pa nga sila sa atin.

# Ang ginawa at gagawin ni Jesus

Itinuro ni Jesus na hindi solusyon ang karahasan. Pero hindi lang iyan, ginawa rin niya ang ipinangaral niya. Noong gabing aarestuhin siya, isa sa mga tagasunod niya ang lumaban para protektahan siya. Pero sinabi sa kaniya ni Jesus: "Ibalik mo ang espada mo sa lalagyan nito, dahil ang lahat ng gumagamit ng espada ay mamamatay sa espada." (Mateo 26:52) Ipinakita ni Jesus na mahal niya ang mga kaaway niya nang patawarin at ipanalangin niya sila.—Lucas 23:33, 34; 1 Pedro 2:23.

Ipinapangako ng Bibliya na malapit nang wakasan ni Jesus—ang Prinsipe ng Kapayapaan—ang lahat ng karahasan. (Isaias 9:6, 7) Para matuto pa nang higit sa napakagandang kinabukasang ito, basahin ang artikulong "Kung Paano Magwawakas ang Digmaan at Kaguluhan."



# Kapayapaan sa Lupa—Paano?

## Ang sagot ng Bibliya

**Magkakaroon ng kapayapaan sa lupa, hindi sa pamamagitan ng gobyerno ng tao, kundi sa pamamagitan ng Kaharian ng Diyos na pinamamahalaan ni Kristo Jesus sa langit. Tingnan ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa magandang pag-asang ito.**

**1.** Patitigilin ng Diyos "ang mga digmaan hanggang sa dulo ng lupa," bilang pagtupad sa pangako niyang magdala ng "kapayapaan sa lupa sa mga kinalulugdan niya!"—Awit 46:9; Lucas 2:14, Good News Translation.

**2.** Ang Kaharian ng Diyos sa langit ay mamamahala sa buong lupa. (Daniel 7:14) Bilang isang pandaigdig na gobyerno, aalisin nito ang nasyonalismo, na siyang ugat ng maraming digmaan.

**3.** Titiyakin ni Jesus, ang Tagapamahala ng Kaharian ng Diyos at tinatawag na "Prinsipe ng Kapayapaan," na ang "kapayapaan ay hindi magkakaroon ng wakas."—Isaias 9:6, 7.

**4.** Ang mga taong palaban ay hindi pahihintulutang mabuhay sa ilalim ng Kaharian, yamang "ang sinumang umiibig sa karahasan ay kinapopootan nga ng [kaluluwa ng Diyos]."—Awit 11:5; Kawikaan 2:22.

**5.** Tinuturuan ng Diyos ang kaniyang mga sakop kung paano mamuhay nang payapa. Dahil dito, sinasabi ng Bibliya na "pupukpukin nila ang kanilang mga tabak upang maging mga sudsod at ang kanilang mga sibat upang maging mga karit na pampungos. Ang bansa ay hindi magtataas ng tabak laban sa bansa, ni mag-aaral pa man sila ng pakikipagdigma."
—Isaias 2:3, 4.

**Ngayon pa lang, milyon-milyong Saksi ni Jehova sa buong daigdig ang natututo na mula sa Diyos kung paano maging mapagpayapa. (Mateo 5:9) Bagaman iba't iba ang lahi namin at nagmula kami sa mahigit 230 lupain, hindi kami nakikipagdigma sa aming kapuwa.**

# Bakit Nasisira ng Politika ang Pagkakaisa ng mga Tao?—Ano ang Sinasabi ng Bibliya?




Sa buong mundo, maraming tao ang hindi nagkakasundo pagdating sa politika sa bansa nila. Ayon sa survey ng Pew Research Center noong 2022, "sinabi ng 65% ng mga adulto sa 19 na bansang na-survey na maraming tao sa bansa nila ang nagtatalo-talo kasi magkaiba ang sinusuportahan nilang partido sa politika."

Napansin mo rin ba na mas nahahati na ang mga tao sa lugar ninyo dahil sa politika? Bakit kaya? Maayos pa kaya ito? Pansinin ang sinasabi ng Bibliya.

### Mga ugali na sumisira sa pagkakaisa

Inihula ng Bibliya na sa panahon natin, na tinatawag na "mga huling araw," imposibleng magkaisa ang mga tao dahil sa ugaling ipinapakita nila.

- "Sa mga huling araw, magiging mapanganib at mahirap ang kalagayan. Dahil ang mga tao ay magiging makasarili, . . . ayaw makipagkasundo."—2 Timoteo 3:1-3.

Ginagawa naman ng mga tao ang lahat para magtagumpay ang gobyerno nila, pero hirap na hirap pa rin sila. Dahil magkakaiba ang opinyon ng mga tao, nahihirapan silang magkaisa para solusyunan ang mga problema. Katuparan iyan ng isang matagal nang hula sa Bibliya.

- "Ang tao ay namamahala sa kapuwa niya sa ikapipinsala nito."—Eclesiastes 8:9.

Pero sinasabi ng Bibliya na may isang gobyerno na magbibigay ng solusyon. At kayang alisin ng mamumuno rito ang lahat ng problema.

### Ang tunay na lider na may puso

Sinasabi ng Bibliya na may isang kuwalipikadong lider na kayang magbigay ng solusyon: si Jesu-Kristo. May kapangyarihan at awtoridad si Jesus. At gusto rin niyang magkaisa at maging payapa ang mga tao.

"Sa panahon niya, mamumukadkad ang matuwid, at mamamayani ang kapayapaan."—Awit 72:7.

"Maglilingkod sa kaniya ang lahat ng bansa."—Awit 72:11.

Mayroon si Jesus ng lahat ng kailangan ng isang tunay na lider—nagmamalasakit siya sa mga tao at gusto niya silang tulungan, lalo na ang mga taong nakaranas ng kawalang-katarungan.

"Ililigtas niya ang dukha na humihingi ng tulong, at ang hamak at ang sinumang walang katulong. Maaawa siya sa hamak at sa dukha, at ililigtas niya ang buhay ng mga dukha. Sasagipin niya sila mula sa pang-aapi at karahasan."—Awit 72:12-14.

Alamin pa ang tungkol sa Kaharian ng Diyos, ang gobyerno sa langit na pamumunuan ni Jesus. Tingnan kung paano ka matutulungan nito at kung paano mo ito susuportahan. - **JW.org**

## Alam mo ba?

Hindi nakikisali ang mga Saksi ni Jehova sa politika, pero ipinagpapasalamat at nirerespeto namin ang mga ginagawa ng gobyerno. (Roma 13:1; 1 Timoteo 2:1, 2) Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang **JW.org** Basahin ang "***Bakit Neutral sa Politika ang mga Saksi ni Jehova?***"







P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# TALIBA/Flipz Media

## *(Magazine & Social Media Services)*

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

### *"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."*

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT **www.talibaflipzmedia.com** or CALL ROLLY : **647-287-1870***